Republic of the Philippines
# Department of Education

DepED

DEPARTMENT OF EDUCATION

JAN 15 2008

DepED MEMORANDUM
No. 19 , s. 2008

## PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA MGA MAKABAGONG KALAKARAN SA PAGTUTURO NG PAGBASA

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Guro ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralang Sekondari

1. Ang mabigyan ng sapat na kaalaman at malinang ang kasanayan ng mga guro sa mga makabagong kalakaran sa pagtuturo ng pagbasa ay lubhang mahalaga upang matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kawilihan at kusa sa pagbabasa.

2. Upang matulungan ang mga paaralan na makabuo ng kapaligirang hihikayat sa mga mag-aaral na magkaroon ng kawilihan at kusa sa pagbabasa nang malaya (building reading culture), ang Kagawaran ng Edukasyon sa pangunguna ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondari ay magtataguyod ng apat (4) na araw na Pambansang Seminar-Worksyap Tungkol sa mga Makabagong Kalakaran sa Pagtuturo ng Pagbasa sa mga sumusunod na petsa:

| Cluster | Petsa | Lugar |
|---|---|---|
| **Luzon**<br>Rehiyon I, II, III, IV-A-CALABARZON, IV-B-MIMAROPA, V, NCR at CAR | Marso 10-14, 2008 | Teachers Camp, Baguio City |
| **Visayas at Mindanao**<br>Rehiyon VI, VII, VIII, IX, X, XI, XII, XIII-CARAGA at ARMM | Pebrero 25-29, 2008 | Ihahayag sa mga susunod na araw |

3. Ang layunin ng pagsasanay na ito ay upang:

   a. malinang ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa mga makabagong kalakaran sa pagtuturo ng pagbasa sa unang taon ng mga asignaturang ang midyum ng pagtuturo ay Filipino; at

   b. matulungan ang mga paaralang pampubliko at pribado sa lebel sekondari na makabuo ng Sentro ng Pagbasa sa Filipino (Reading Center in Filipino) sa kapaligirang hihikayat sa mga mag-aaral na magkaroon ng kawilihan at kusa sa pagbabasa nang malaya.

4. Ang mga inaasahang bilang ng mga dadalo ay ang mga sumusunod:

| Puno ng Kagawaran (Department Head) | Pandibisyong Tagamasid (ES I) | Panrehiyong Tagamasid (ES II) | Hepe ng Edukasyong Sekondari (SED Chief) | Punongguro (Principal) |
|---|---|---|---|---|
| Fil - 4 | Fil - 4 | Fil – 1 | 1 | 4 |
| AP – 4 | AP – 4 | AP – 1 | | |
| EP – 4 | EP – 4 | EP – 1 | | |
| **Kabuuan - 12** | **Kabuuan - 12** | **Kabuuan - 3** | **Kabuuan - 1** | **Kabuuan - 4** |

5. Sa kabuuan, ang bawat rehiyon ay magpapadala ng tatlumpu't dalawang (32) kinatawan na pipiliin ng Hepe ng Edukasyong Sekondari. Ang mga kinatawang Puno ng Kagawaran ay mula sa asignaturang Filipino, Araling Panlipunan at Edukasyon sa Pagpapahalaga. Ang mga Pandibisyong Tagamasid at Punongguro ay dapat manggaling sa divisyon at paaralang pinanggalingan ng mga Puno ng Kagawaran.

6. Ang pondong gugugulin ng mga dadalo para sa pagkain, tirahan, aktwal na pamasahe at per diem mula sa paaralan patungo sa lugar na pagdarausan ng seminar-worksyap at ang gastusin para sa panustos at kagamitan (supplies and materials), kit, bayad sa mga tagapagsalita (resource persons), extra duty allowance ng mga namamahala at iba pang gastusin kaugnay ng nasabing gawain ay manggagaling sa pondo ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondari na dapat sumailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

7. Ang mga kalahok ay inaasahan sa hapon ng Marso 9, 2008 (Luzon Cluster) at Peb. 24, 2008 (Visayas/Mindanao Cluster). Ang oras ng paglabas (check out time) ay tuwing ika-12:00 ng tanghali sa huling araw ng bawat cluster.

8. Anumang paglilinaw sa nasabing gawain ay maaaring makipag-ugnayan kina Gng. Vangie Calinisan, Bb. Rosalie Masilang, at Bb. Luisita Peralta sa telefax blg. (02) 632-7746 at 632-1361 lokal 2146. Inaasahang maipadadala ang listahan ng mga kalahok sa pamamagitan ng fax sa tanggapan ng Kawanihan sa lalong madaling panahon.

8. Hinihiling ang dagliang pagpapahatid sa kinauukulan ng Memorandum na ito.

**JESLI A. LAPUS**
Kalihim

Sanggunian: W a l a
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO SEMINARS WORKSHOPS

Madel:c:Kalakaran sa Pagtuturo
12-5-07
computer used: maricar